# VALENZUELA NGAYON

TAON 1 BLG. 1 DISIPLINA'T PAGKAKAISA SUSI SA KAUNLARAN SETYEMBRE 1 - 30, 2004

# PAGBABAGO SINIMULAN NI GATCHALIAN

Basahin sa pahina 2





KINAUSAP ni Mayor Win Gatchalian sina dating Valenzuela Police boss Supt. Sr. Supt. Jose Marcelo at NPDO head Chief Supt. Marcelino Franco upang pasiglahin ang kampanya laban sa ilegal vices at peace and order situation sa lungsod.



PINASALAMATAN ni Mayor Win Gatchalian ang mga taong sumuporta sa kanya nitong nakalipas na halalan. Nanawagan din ang alkalde sa lahat ng residente ng Valenzuela sa kanyang pang-unang talumpati bilang pinuno ng lungsod na magkaisa at tulungan siya sa pagbabangon ng siyudad.

# PAGBABAGO SA VALENZUELA SINIMULAN NI GATCHALIAN

Pinangunahan ni Valenzuela Mayor Sherwin T. Gatchalian ang pagsasaayos sa lungsod tungo sa isang malinis, mapayapa, at maunlad na Valenzuela sa pamamagitan ng pagpaplano at pagsulong ng mga makabagong polisiya upang matugunan ang mga problema sa trapiko, animal control at basura.

Sa kanyang unang buwang panunungkulan, muli niyang isinulong ang implementasyon ng Municipal Ordinance No. 96-21 na nagbabawal sa iligal na pagparada sa mga pangunahing lansangan sa lungsod tulad ng Mac Arthur Highway, Maysan-Novaliches Road, at M.H. del Pilar Extension.

Ginamit ni Mayor Gatchalian sa pagpapatupad nito ang Valenzuela Traffic Management Office sa pakikipagtulungan ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA).

Binigyang-daan nito ang paglilinis sa sidewalks ng mga iligal na istruktura, vendors, at iba pang sagabal habang ang mga illegally parked ay hinahatak at ini-impound ng mga MMDA-accredited towing services sa pamamahala ng MMDA Traffic Enforcement Group.

Ang mga motoristang tumatahak sa MacArthur Highway mula San Miguel Brewery patungong Malanday sa Valenzuela ay namangha sa mabilis na daloy ng trapiko sa nasabing lugar.

"I have witnessed the worsening traffic problem in the City of Valenzuela, thus I have considered this as one of the major concerns of my administration," ani Gatchalian.

Bukod dito, pinag-ibayo ng Valenzuela City Animal Control Unit (VCACU) ang operasyon sa paghuli ng mga galang hayop sa lungsod upang maprotektahan ang mga residente laban sa rabies.

Ang mga nahuling hayop ay maaaring kunin ng nagmamay-ari sa City Pound sa loob ng pitong araw pagkatapos bayaran ang impounding fee na nagkakahalaga ng P20 at care fee na P20 kada hayop, kada araw.. Hinihikayat din ng VCACU ang mga may alaga na iparehistro at pabakunahan ang kanilang mga alaga sa City Pound.

Noong August 2, inilunsad ang bagong iskedyul ng paghakot ng basura sa pamumuno ng Waste Management Office (WMO) upang makapagbigay ng mas maayos na serbisyo sa mga Valenzueños.

Mula sa isa kada linggong paghakot, inilunsad ng WMO ang dalawa kada linggong iskedyul. Ang Lunes at Huwebes ay nakalaan sa Barangays Mabolo, Tagalag, Bisig, Isla, Coloong, Tiwala, Dalandanan, Malanday, Viente Reales, Lingunan, Canumay East and Canumay West, Lawang Bato, Punturin, Bignay at Malinta.

Habang ang Martes at Biyernes ay nakaskedyul sa Barangays Ugong, Mapulang Lupa, Parada, Maysan, Bagbaguin, Wawang Pulo, Pariancillo Villa, Balangkas, Arkong Bato, Palasan, Polo at Poblacion. Miyerkules at Sabado naman ay para sa Barangay Marulas, Karuhatan and General T. De Leon.

Dagdag pa rito, nagsagawa rin ng information drives ang Public Information Office sa iba't-ibang barangay sa lungsod upang masiguro na makakarating sa publiko ang bagong iskedyul ng paghakot.

Sa mga pangyayaring ito, umaasa ang butihing ama ng lungsod na ipagkakaloob ng 32 barangay ang kanilang buong suporta tungo sa ikauunlad ng Valenzuela.

## VALPOLY pinagtibay ang Manpower on Wheels

MAGSASAGAWA ang Valenzuela City Polytechnic College (VALPOLY) ng skills trainings sa iba't-ibang barangay sa lungsod sa pamamagitan ng kanilang programang "Manpower on Wheels."

Ang mg pagsasanay ay nakatuon sa automotive electricity, small appliance repair, house wiring, basic dress making at tailoring, at livelihood projects na madaling matutunan at tularan ng mga taga-Valenzuela upang mapabuti ang kanilang pamumuhay.

Ang "Manpower on Wheels" ay bahagi ng iba't-ibang technical skills programs ng VALPOLY na pinamumunuan ng Pamahalaang Panlungsod ng Valenzuela.

Dagdag dito, muling patutunayan ng VALPOLY ang kakayahan nito sa commercial wiring sa pagsali nito sa darating na ASEAN Skills Competition sa Setyembre na gaganapin sa Vietnam.

Si Archie Sabalza ang ipadadala ng VALPOLY bilang kinatawan ng bansa sa nasabing kumpetisyon.

## Konseho hinikayat ni Gatchalian na magkaisa

HINIKAYAT ni Mayor Sherwin T. Gatchalian ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod na kalimutan muna ang partisan politics at sa halip ay magkaisa at magtrabaho para sa ikauunlad ng lungsod.

Naniniwala ang Punong Lungsod na kapag nagkaisa ang executive at legislative bodies at magkaroon ito ng isang malinaw na adhikain para sa hinaharap, ang Lungsod ng Valenzuela ay maaaring maging tunay na maunlad at globally-competitive na lungsod.

## Operasyon laban sa VK pinalakas

NAGSASAGAWA ng puspusang operasyon laban sa video karera at iba pang iligal na sugal sa Valenzuela si Chief of Police Billy B. Beltran.

Ang pinag-ibayong kampanya ay alinsunod sa utos ni City Mayor Sherwin T. Gatchalian na panumbalikin ang kapayapaan at kaayusan sa lungsod .

"Ang kadalasang biktima ng mga video games ay ang mga kabataan lalo na ang mga estudyante," pahayag nito.

Nauubos ang kanilang allowance sa video karera. Naapektuhan din ang kanilang performance sa klase dahil dito, ani Beltran.

Idinagdag pa niya na dahil sa mga nasabing laro, maraming kabataan ang gumagawa ng krimen katulad ng pagnanakaw sa kanilang mga pamilya at kaibigan dahil sila ay nalulong sa nasabing uri ng laro.

"Some places where video karera and other illegal games are located are used as front for illegal drug activities," ani Beltran.

Nananawagan ang PNP sa publiko na makipagtulungan sa kampanya laban sa mga iligal na laro sa pamamagitan ng pagtawag sa Valenzuela PNP na may telepono bilang 292-0518 o 0916-9097755.




MAKIKITA sa larawan ang ilan sa mga nakumpiskang video karera ng mga kapulisan ng lungsod. Ito ay isa lamang sa mga larong-sugal na mahigpit na ipinagbabawal sa lungsod dahil sa samang epekto na idindulot nito partikular sa mga kabataan.

# ILIGTAS, BAKAW-GABI

NI MARY ANN J. ROLDAN

**HINIMOK ni Valenzuela City Mayor Sherwin Gatchalian ang Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman o DENR na saliksikin ang mga lugar na pinamumugaran ng ibat-ibang uri ng ibon katulad ng bakaw-gabi na kamakailan lamang ay naging laman ng mga pahayagan, radyo, at telebisyon, upang ito ay maprotektahan.**



Ang mga puno ng bakawan sa Villa Encarnacion sa Barangay Malanday na kung saan dito naninirahan ang mga Bakaw-Gabi.

Ito ay bunsod ng pagkakaligtas ng radio reporter na si G. Roland Bola ng isang hinihinalang binaril na ibon sa Villa Encarnacion, Brgy. Malanday noong Agosto 10 na kasalukuyang pinapagaling sa Parks and Wildlife sa Quezon City.

Karamihan sa mga palaisdaaan na nasa mababang lugar ng lungsod ay may mga puno pa ng bakawan at mga water lilies na siyang malimit pamugaran at gawing sanktuaryo ng iba't-ibang uri ng ibon, kabilang rito ay ang Night Heron o bakaw-gabi.

Bukod sa Villa Encarnacion, mayroon pa ring mga sanktuaryo ng ibon sa mga barangay ng Balangkas, Isla, Wawang Pulo na pawang nasa unang distrito.

"I am requesting the DENR to investigate the other sanctuaries in the city, aside from that found in Villa Encarnacion," ani Mayor Gatchalian.

Dagdag pa rito, ipinahayag niya na makaaasa ang Kagawaran sa pakikiisa at suporta ng pamahalaang lokal sa pagsasalba ng mga ibong ito, subalit binigyang diin nito na kailangan ang teknikal na tulong ng pamahalang lungsod mula sa Kagawaran para sa pagpapanatili ng mga sanktuaryo, gayundin ang pagbibigay kaalaman sa mga tao ukol sa maaaring idulot ng pagkaubos ng mga kakaibang uri ng ibong ito sa kabuuang sistemang pangkapaligiran o eco-system.

Naglabas na ng kautusan ang Punong Lungsod sa lahat ng Punong Barangay na may mga lugar na natukoy, na iulat ang lahat ng mga nanghuhuli, nanakit o namamaril ng ibon sa kanilang mga lugar at siguraduhin ang matamang pagbabantay ng kani-kanilang mga tanod sa mga nabanggit na sanktuaryo.



Sinabi naman ng Regional Technical Director ng DENR-NCR na si Arthur Garcia, na patuloy ang kanilang pakikipag-ugnayan kay Punong Barangay Francisco Chongco ng Malanday para sa pakikipag-usap sa mga may-ari ng lupa na nakasasakop sa mga bakawan at ang pagsusulong ng isang resolusyong pambarangay na pagtitibayin ang mga lawa bilang tirahan ng mga bakaw-gabi, pagbabawal sa pagputol ng puno ng bakawan at pagbunot sa mga ugat nito, gayundin ang pagpatay sa mga ibong namumugad dito.



Ang pagbabawal sa pagpatay ng mga kakaibang uri ng ibon ay batay na rin sa Republic Act 9147 o ang Wildlife Act of the Philippines.

Multang mula P5,000 hanggang P20,000 at pagkakakulong ng 1 hanggang 6 na buwan ang katumbas na parusa sa sinumang lalabag dito.

"Hihimukin din namin ang Kagawaran ng Turismo na tingnan ang posibilidad na maisama ang mga lugar na nabanggit sa mga listahan ng mga ecological destinations na maaring pagsimulan ng turismo sa Lungsod ng Valenzuela", pagtatapos ni Dir. Garcia.







# EDITORIAL

## Good Governance

**Good governance. Konsepto ito na pangkaraniwang naririnig natin sa mga pulitiko. Pamamahala sa mga nasasakupan nang naaayon sa batas ang kahulugan ng salitang governance. Mabuting pamamahala naman ang good governance na tumutukoy sa lahat ng aspeto ng lipunan - ang taglay nitong likas na yaman, ang pakikitungo sa lahat ng mga mamamayan, ang kaayusan at katahimikan, at ang kapakanan nito sa kabuuan. Ito rin ang prinsipyong naaayon sa Republic Act No. 7160, o Local Government Code of 1991. Ang nasabing batas ang nag-atas sa local governments na pangalagaan ang kultura sa lugar, ang kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayan, siguraduhin ang karapatan nila sa maayos na kapaligiran, protektahan at isulong ang moralidad, paunlarin ang ekonomiya at katarungang pantao, tiyakin ang maayos na trabaho para sa lahat, panatilihin ang katahimikan at kaayusan, at ang kapakanan ng lahat ng mamamayan.**

**Sa unang tingin, napakalaking responsibilidad ang iniatang ng batas sa mga pamahalaang lokal. Karamihan dito ay hindi nagagampanan ang lahat nang kanilang tungkulin. Ilan sa pangkaraniwang dahilan nito ay ang pag-una sa sariling kapakanan bago sa kapakanan ng bayan. Kulang naman ang ilang pamahalaang local sa kakayahang pinansyal, at pisikal man para magampanan ng maayos ang kanilang tungkulin. May iba naman na kuntento na lamang sa kanilang kinalalagyan na nawalan na nang pagnanais na umunlad. At, mayroon ding hindi makaurong o makasulong dahil sa sobrang pulitika. Na ang lahat ng galaw ay nakatutok lamang sa susunod na eleksyon at hindi sa pag-unlad.**

**Sa kabilang banda, marami na rin namang mga pamahalaang lokal na milya-milya na ang inunlad mula nang maipasa ang Local Government Code. Halimbawa nito ay ang Marikina. Isang maliit na munisipalidad na dati rati ay laging binabaha at kinatatakutang lugar. Ito ngayon ay isa nang maunlad na lungsod na kinikilala sa buong Pilipinas dahil sa kalinisan ng kapaligiran at sa kakaibang disiplina ng mga mamamayan dito. Pero kung papansinin, hindi lamang ang pamunuan ng lungsod ang dapat purihin sa pagbabago. Malaking bahagi ng pag-unlad ang pakikiisang ipinamalas ng mga mamamayan dito. Tulad na lang sa Singapore, kahit pa siguro pagmultahin ng gobyerno ang tao kada ikot at galaw nito, kung hindi naman makikinig at madidisiplina ang tao, wala pa ring mangyayari.**

**Samakatuwid, mangyayari lamang ang good governance kung may pagtutulungan sa pamamagitan ng pamahalaang lokal at nang lahat ng sektor ng lipunan. Laging naririyan ang gobyerno na may kapangyarihan at kakayahan na ipatupad ang mga batas at isulong ang kaunlaran. Subalit, kinakailangan ang kooperasyon ng mga mamamayan. Kasing epektibo lamang ng gobyerno ang mga mamamayang nasasakupan nito.**


VALENZUELA NGAYON

REX GATCHALIAN
Editor - in - Chief

MARITHER S. MENIA
Managing Editor

JESSEBEL B. LACBAWAN
News Editor

MARY ANN ROLDAN
Features Editor

ALVIN S. FELICIANO
Editorial Consultant

ERWIN M. MARASIGAN
ALBERT P. SY
Circulation

REX ANTHONY B. CARREON
Graphic Artist

Valenzuela 1st is a monthly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space.

All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper.

For comments, suggestions, and manuscripts, please address them to the Public Information Office, Office of the City Mayor, Valenzuela City Hall, or you may call us a Telephone Number 292-0211 local 213.




# Write to WIN

Mr. Mayor Sherwin Gatchalian

## Maraming salamat po sa inyong tiwala at suporta!

TAPOS na ang eleksiyon, tapos na rin ang pamumulitika. Panahon na para magtrabaho ng puspusan.

I would like to share with you my 10-Point Agenda for Development.

First, this administration shall work towards 100% increment in city revenues and implement cost-effective and computerized operations.

This is to ensure that the City Government will have enough funds to provide adequate social services for our less privileged constituents.

To arm our constituents in the fight against poverty, we shall strive to give free, well-rounded and technology-oriented education for the masses, and work towards more business and job opportunities, as well as skills enhancement and livelihood opportunities for all.

To support the City's development, we shall modernize and fortify basic infrastructures, implement an efficient traffic management program and work out an effective flood control system that will radically minimize, if not totally eliminate flooding in some areas of the City.

At the core of all these initiatives is ensuring a graft- and corruption-free City Government that works hard in building an environmentally sound, safe, peaceful, orderly and fully developed city, sustained by healthy, responsible and disciplined citizenry.

Kung iisipin nating mabuti, ang lahat ng ating mga problema dito sa Lungsod ay may simpleng solusyon.

Katulad ng mga problema sa trapiko, sa basura, polusyon, at iba pa.

Kaunting disiplina lamang ang ating kailangan upang malutas ang mga simpleng problemang ito na madalas ay nakaperhuwisyo sa atin.

Sa lahat po sana ng ating gagawin, disiplina ang ating pairalin. Dahil kung wala pong disiplina, ang ating paghihirap ay masasayang lamang.

Ang inyo pong Pamahalaang Panlungsod ay laging handang maglingkod sa inyo.

Ang hinihingi lamang po namin ay ang inyong kooperasyon.

Sama-sama at tulung-tulong nating linisin, pagandahin at pasiglahin ang ating Lungsod.

Bawa't isa sa atin ay may mahalagang tungkuling ginagampanan sa ating pag-unlad. Maraming Salamat Po!

***

Nais kong malaman ang inyong mga hinaing, opinyon, at rekomendasyon.

Sa anumang nais ninyong iparating, mag-text lamang sa Cell Phone Nos. (0917) 390-8873 (Globe) o sa (0921) 562-4700 (Smart).

# Transparency



# From the Vice Mayor's Desk

Vice Mayor Tony Espiritu

Hindi maikakaila na ang PUBLIC OFFICE ay isang bagay na hindi biro-biro.

Ito ay isang seryosong bagay dahil hindi lamang ito kinapapalooban ng paglilingkod sa bayan kundi ng pagtitiwala ng publikong pinaglilingkuran.

Dahil mahalaga ang pagtitiwala ng publiko, mahalaga ang papel na ginagampanan ng TRANSPARENCY sa PUBLIC OFFICE.

Ito ang nag-uugnay at nagpapalawak ng kaugnayanan sa isang namamahala sa kanyang mga pinamamahalaan.

Transparency of a public service.

Ano nga ba ang talagang kahulugan nito?

Sa unang dinig ay aakalainin mong simple lang ang kahulugan nito.

Pero ang totoo, malalim ito. Malalim dahil ang isang serbisyo publiko ay hindi paglilingkod lamang.

Hindi tamang puso lang ang mayroon ka para makapaglingkod, kailangan mo rin ng sapat na kaalaman kung kanino, saan, at kailan mo dapat ibahagi ito.

Masasabi kong ang inyong lingkod ay naging isang magandang ehemplo ng isang public servant.

Nasabi ko ito dahil alam kong napaglingkuran ko ang aking nasasakupan ng buong puso at ayon sa nararapat.

Mula sa pagiging KB Chairman para sa kabataan hanggang sa pagiging Pangalawang Punong Lungsod para sa buong siyudad ng Valenzuela.

At maipagmamalaki kong ang inyong lingkod ay hindi salita o porma lang.

Serbisyo publiko, salitang aking ginampanan sa napakaraming taon na mula pa ng aking kabataan hanggang sa kasalukuyan.

Napakarami na pong proyekto ang aking naipatupad.

Libreng gamutan libreng gamit sa eskuwela, usaping legal, pampublikong usapin at kung anu-ano pa na talaga namang napakinabangan ng aking nasasakupan.

Mga proyektong maliit man sa paningin ng iba ngunit naging bahagi upang mapabuti ang simpleng pamumuhay ng ating mga kababayan taga Valenzuela.

# Win umaksyon sa kalamidad

**NAGULANTANG ang buong Metro Manila sa lakas ng buhos ng ulan ng madaling araw ng Miyerkoles, Agosto 25, 2004.**

Matapos ideklarang walang klase ang elementarya at hayskul sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa Lungsod ng Valenzuela, agad na pinulong ni City Mayor Sherwin Gatchalian ang lahat ng miyembro ng Valenzuela City Disaster Coordinating Council (VCDCC) upang paghandaan ang anumang darating na kalamidad.

Si Gatchalian ang tumatayong Chairman ng VCDCC, kasama si Vice-Mayor Antonio R. Espiritu bilang Vice-Chairman. Labin-dalawang teams ang bumubuo ng nasabing council.

Una rito ang Intelligence and Disaster Analysis Team sa pamumuno ni P/Supt. Billy Beltran, Plans and Operations Team ni Ms. Evelyn de Guzman, Communications and Warning Services Team ni Amang de Guzman ng Mara V, Transportation Services Team ni Linggoy Pancho, Evacuation Services Team sa ilalim ni Kon. Eddie Lozada, Rescue and Engineering Services Team na pinamumunuan ni Ms. Praceli S. Canares, Health Services Team sa pamumuno ni Dr. Antonio Olegario, Fire Services Team sa ilalim ni Fire Chief Supt. Efren Yadao, Police Services Team na pinamumunuan ni P/Supt. Billy Beltran, Relief Services Team ni Ms. Venus Gaoiran at ang Public Information Services Team sa pamumuno ni Ms. Marther S. Manila.

Beinte kuwatro oras na binantayan ng Public Information Services Team ang kondisyon ng mga pangunahing lansangan sa lungsod, partikular ang kahabaan ng MacArthur Highway.

Kada oras din ay tinatawagan ang mga barangay upang masigurong ayos ang kalagayan ng mga residente, lalo na ang mga lugar na kadalasang binabaha.

May natanggap na report ang grupo na may isang gumuhong pader sa Block 7, Sitio Kabatuan, Barangay Gen. T. de Leon. Agad na nailikas ang 3 pamilyang apektado sa pagguho ng pader at pinadalhan ng food at emergency shelter assistance ng Relief Services Team.

Noong Huwebes, Agosto 26, 2004, binisita ni Mayor Gatchalian ang mga kritikal na lugar tulad ng Skyline sa Viente Reales at ang mga bahagi ng McArthur Highway na napaulat na kadalasang binabaha.

Binisita rin ni Mayor Gatchalian ang Sitio Kabatuan at agad na iniutos ang paglikas ng may labin-tatlong pamilyang natira sa paligid ng gumuhong pader. Ito ay upang maiwasan ang sakuna kung sakali mang gumuho ang natitira pang bahagi ng pader.

Walang napaulat na anumang injury o casualty sa lungsod kaugnay ng nasabing pag-ulan.



KINAKAUSAP ni Mayor Win Gatchalian ang isang residente ng Barangay Viente Reales upang kalmahin at alamin ang maitutulong ng Pamahalaang Lungsod sa kanilang mga biktima ng baha.

# 72 traffic enforcers nagtapos

NAGSIPAGTAPOS noong Linggo ang may 72 traffic enforcers ng Valenzuela matapos itong sumailalim sa 2 buwang training na ibinigay ng mga tauhan ng Metro Manila Development Authority (MMDA).

Ang may 72 Valenzuela Traffic Enforcers na nagsipagtapos sa Maricopa Restaurant noong Agosto 29 ay nag-aral din ng basic traffic investigation, sketching, at ticketing procedures.

Kailangan pa rin ng mga nagsipagtapos na traffic enforcers na sumailalim pa sa isang pagsasanay at pag-aaral upang makapag-isyu na ito ng traffic citation ticket.

Habang nag-aaral, idineploy na rin ni Mayor Sherwin Gatchalian ang nasabing mga enforcers sa mga pangunahing lansangan sa lungsod katulad ng MacArthur Highway .

Kabilang sa mga nagturo sa mga nagsipagtapos sina T05 Jofrey Agulan;TO5 Gerry Nazarea; TO3 Alvin Nunez; TA3 Miguel Panal;TA3 Rodante Bagtas; Malabon Station Commander Sonny Gian; VTMA officer in charge TA3 Renato Avendan at ang pinuno ng Traffic Enforcers Unit na si Insp. Ronald Parilla.

Lubos naman nagalak si Mayor Gatchalian sa pagtatapos ng mga traffic enforcers na talagang sinala para maging huwarang lingkod bayan.

Ang mga traffic enforcers na ito ay kinuha sa iba't-ibang barangay sa lungsod at ang mga ito ay nakaabot ng 2nd year college.

Buo naman ang tiwala ni Gatchalian na maibsan ang malalang trapiko sa Valenzuela dahil sa de-kalidad na mga traffic enforcers na kanyang hinirang.

"Propesyonal ang lahat ng mga ito kaya't tiyak kong magiging propesyunal na rin ang daloy ng trapiko sa Valenzuela," ani Gatchalian.

# No. 2 most wanted, inaresto

INARESTO nina SPO2 Rodrigo Farinas at PO2 Marcial R. Galang ng Valenzuela City Police Office si Oliver Reyes, ang pangalawa sa listahan ng mga most wanted sa lungsod, noong Agosto 15 sa Damayan, San Juan, Taytay, Rizal.

Si Reyes ay naharap sa kasong robbery with homicide at paglabag sa R.A 6539 o kilala bilang Anti-Carnapping Law. Ang paghuli ay base sa utos ni City Mayor Sherwin Gatchalian na sugpuin ang lahat ng masasamang elemento sa Lungsod ng Valenzuela.

# PLV 2 taon na

"Keeping the flame of excellence alive!"

Pinangunahan ni Mayor Sherwin Gatchalian ang symposium bilang prelude ng tatlong araw na pagdiriwang ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) sa selebrasyon ng kanilang ikalawang anibersaryo.

Ayon kay Gatchalian, ang edukasyon na hatid ng institusyon ay may sapat na kakayahan at kagamitan upang linangin ang mga Valenzueños na magkaroon ng sapat na kakayahan at maging produktibong miyembro ng lungsod at ng buong pamayanan.

"The school is envisioned to be a dynamic center for the development of competent and competitive human resources, which serves as foundation for growth and advancement of the city," ani Mayor.

Bukod sa symposium, nagkaroon din ng sports fest, street dancing, at pagpili ng Mr. at Ms. PLV 2004 ang mga mag-aaral ng pamatansan.

Ang PLV ay itinayo noong 2002 upang makapagbigay ng dekalidad ngunit abot-kayang edukasyon para sa mga maralita ngunit karapat-dapat na mga mag-aaral sa lungsod.

Ito ay nagbibigay ng mga kurso sa Business Administration, Public Administration, Electrical Engineering at Education.

Sa unang taon ng operasyon nito, 437 na estudyante ang nag-enrol. Sa kasalukuyan, ang PLV enrollment ay umabot sa 1,508.

# Supt. Beltran, bagong Hepe ng Valenzuela

HINIRANG si Supt. Billy Beltran bilang bagong hepe ng Lungsodng Valenzuela.

Sa isang turn-over ceremony noong July 28 sa Valenzuela Convention Center, ipinahayag ni Beltran, dating hepe ng Navotas, ang kanyang buong suporta sa administrasyon ni Mayor Sherwin T. Gatchalian.

Nangunguna sa kanyang concerns bilang bagong hepe ay ang kampanya laban sa iligal na droga sa lungsod.

Sa kabilang dako, pinasalamatan ni outgoing Chief of Police Sr. Supt. Jose Marcelo si Mayor Gatchalian dahil pinabulaanan nito ang mga hakahakang politically motivated ang paglilipat nito sa kanya.

# Disiplina susi sa kaunlaran

**BINIGYANG diin ni Valenzuela Mayor Sherwin T. Gatchalian sa pulong ng mga urban poor groups noong Hulyo 29 ang kahalagahan ng pagkakaroon ng disiplina para maging progresibo ang isang lungsod.**

Ayon kay Gatchalian, ang pinakamalaking problema sa Valenzuela ay hindi ang pagbaha, hindi ang traffic at hindi rin ang paglaganap ng masasamang elemento kung hindi ang kakulangan ng disiplina ng mga mamamayan.

"Even if we continue mapping out ways to keep our community clean, ease traffic and apprehend bad elements in our city, if we lack discipline, development would be difficult to attain," ani Gatchalian.

Hinikayat din niya ang iba't-ibang organisasyon sa lungsod na magpatala sa City Planning Office at sa UPAO upang mas epektibo nilang maiparating ang kanilang mga kinakaharap na problema sa Konseho at maging sa Kongreso, lalung-lalo na sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto.

Dagdag pa rito, binanggit din ni Gatchalian na hindi maganda ang paggamit ng salitang "urban poor" para tukuyin ang mga maralita ng lungsod, kaya nais niyang palitan ang pangalan ng Urban Poor Affairs Office (UPAO) at gawin itong Community Development and Management Office (CDMO).

Kaugnay nito, hinikayat ni UPAO Officer-in-Charge Rico Raagas ang mga miyembro ng organisasyon na magkaisa at ipagpatuloy na itaguyod ang adhikain ng organisasyon na makamit ang zero o mas mababang populasyon ng iskwater sa lungsod.



ANG parte ng Tullahan Bridge na pansamantalang ipinakumpuni ni Mayor Win Gatchalian sa Department of Public Works and Highways.

## Paggawa sa bagong Tullahan Bridge pinamamamadali ni Win

**HINIMOK ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian ang Department of Public Works and Highways (DPWH) na madaliin ang pagsasaayos ng Tullahan Bridge dahil malaki na ang pinsala nito.**

"We need to safeguard the welfare of motorists plying the Tullahan Bridge with the least possible negative effects on business and other activities in the city and also our neighboring cities and municipalities," ani Gatchalian .

Nakipagpulong si Gatchalian sa mga opisyales ng DPWH upang pag-usapan at ayusin ang mga isyung bumabalot sa mabagal na rehabilitasyon ng nasabing tulay.

Isa sa mga dahilan na nakita ay ang hindi matapus-tapos na pagproseso sa mga kinakailangang dokumento para sa pagbili ng mga lupain na pagtatayuan ng detour bridge ng DPWH.

Dagdag pa ng Mayor na ang pag-aayos sa tulay ay gagawin lamang ng DPWH pagkatapos itayo ang nasabing detour bridge.

"The DPWH must take all the necessary steps such as the construction of a detour bridge to minimize the impact of closing Mac Arthur Highway from BBB to Malabon," ani Gatchalian.

Inaasahang kapag naumpisahan ang konstruksyon, aabutin ito ng pitong buwan.

Kasalukuyang nakikipagtulungan ang lokal na pamahalaan ng Valenzuela sa DPWH at MMDA upang maibsan ang mabagal na daloy ng trapiko sa lugar at upang makapaghanda ng mga contingency measures upang matugunan ang mga problemang maaring kaharapin sanhi ng pagsasara ng tulay.

Ang Tullahan Bridge ay matagal nang nag-uugnay ng iba't-ibang lungsod at mga karatig bayan ng Bulacan, mahigit anim (6) na dekada na.

Noong 2003, idineklara ng national government na malaki ang damage nito at lumampas ito sa 20-taong lifespan ng mga tulay.

Mula sa 15 tonelada, ibinaba ang kapasidad ng tulay sa 10 tonelada.

Ang konstruksyon ng tulay at ng mga pansamantalang daan na popondohan ng Asian Development Bank at ng national government, ay nasa ilalim ng pamamahala ng DPWH.

Idinagdag naman ng City Engineering Office na kung matutuloy ang pagsasaayos ng tulay, kinakailangang itaas ang elevation nito dahil ang mga basurang dumadaloy sa ilog ay naiipon sa ilalim ng tulay at nagdudulot ng pagbara.



ITO ang estado ngayon ng Tullahan Bridge, na kung saan nangangailangan ng daglian paggawa.

# Little Mr. Valenzuela 2003 sa GMA Starstruck

JESSEBEL B. LACBAWAN

**"SANDALI lang po. Ayan, bukas na po iyan."**

**Isang masayahing boses mula sa kabila ng gate ang aming narinig. Mula sa ilalim ng gate aming naaninag ang mga paa ng isang bata...si JM na marahil, aming naisip...ang batang Valenzueno na inabangan ng buong bayan, ng buong bansa...bawat galaw, bawat salita, bawat luha, bawat pawis, bawat ngiti, bawat tawa... hinangaan, tinilian, sinuportahan, minahal.**

Si JM nga.

Kararating lang ni JM mula sa pinapasukang Ten Commandments Child Development Center nung aming maabutan sa kanilang bahay sa Viente Reales at kasalukuyang nanonood ng TV habang subu-subo ang feeding bottle na agad niyang



pinatago kay Mommy Michele nung aming kunan ng picture. Ang batang starstruck finalist mahiyain?

"Masaya!" Ito ang sagot ni JM sa pagiging isa sa mga finalist ng katatapos na Starstruck contest ng GMA-7 Talent Center. Isang contest para sa mga batang nais mag-artista. Mula sa libong nag-apply para makasali sa contest, bumaba ito hanggang 14.

"Hindi ko alam na may ganoong contest kasi di naman ako nanonood ng TV talaga. Itong si JM napanood niya sa TV at pinipilit niya kami na isali siya. Dahil mapilit siya, pumunta kami ng SM Marilao kung saan may audition para sa Starstruck," kuwento ni Mommy Michele.

Ani Mommy, sa haba ng pila, di na sila nakakuha ng application form. Ngunit upang di mabigo ang anak, pumunta si Mommy Michelle sa GMA mismo.

"Alas tres ng madaling araw nung umalis ako dito. Pagdating ko sa GMA, tinanong ko yung guard kung saan may audition para sa Starstruck. Sabi nung guard, naku mommy mukhang wala na pong nag-o-audition. Tinatapos lang po nila yung mga nakapagsubmit ng application."

"Tapos tinanong pa nung guard kung may form na ako. Sabi ko wala pa nga eh. Eh wala na daw form. Sabi ko sa sarili ko, naku mukhang malabo ang chance. Ang ginawa ko bumili ako dun sa may nagxexerox, eh di ba bawal daw yun," sabi ni Mommy.

Ngunit nakapagsubmit man si Mommy Michele ng form, pila na pagkahaba-haba naman ang inabot nila.

"Sobrang dami ng aplikante. Hapon na pero di pa rin kami tinatawag. Sabi ko kay JM, anak uwi na lang tayo. Sabi niya, hindi Mommy hintayin pa natin, pumila ka ha at maglalaro lang ako dito."

Sa kabutihang palad, nakapag-audition din si JM. "On the spot yung audition. Kinabahan kami kasi ang hinanda niyang talent ay sayaw kaya may dala kaming tape. Tapos sabi, hindi na raw kailangan. Yun pala pakakantahin sila."

Kung nagnursery rhymes ang mga kasabay ni JM, siya naman ay "Sana'y Mama, ako na lang ang gawin mong Papa..."

"Chorus lang ang alam ni JM. Nung pinaulit, chorus pa rin ang kinanta," ani Mommy.

Sa kabila ng lahat ng hirap na pinagdaanan, pinatunayan ni JM na katangi-tangi siya na mapabilang sa mga finalist...sumayaw, kumanta, nagpatawa, nagdrama, maging action. "Gusto kong magkarate. Tinuro ni Tito Monsour (del Rosario)," ani JM.



Ngunit adventurous at mahilig man siya sa action, mas gusto ni JM na maging Comedy King balang araw.

"Gusto kong maging doctor at teacher din," dagdag pa niya. Hmm, isang duktor, titser, at komedyante? Puedeng-puede!

Bagaman umabot lamang si JM sa final six, malaki pa rin ang ipinagpapasalamat nina Mommy Michelle at Daddy Bien. Para sa kanila, yung nakasama lamang si JM sa final 14 ay isang malaking biyaya na. Dagdag ng mga magulang ni JM, kanilang susuportahan ang anak kung sa paglaki niya ay ipagpapatuloy nito ang pag-aartista.

"Okey lang naman sa amin na mag-artista siya. Kung gusto niya at masaya siya doon, okey lang sa amin. Hiling lang namin ay sana tapusin niya ang kanyang pag-aaral," ani Mommy.

Kuwento ni JM, sa lahat ng 14 finalists, si Gabriel Roxas ang kanyang best friend. At kung si Mommy at Daddy naman ay wala sa tabi niya kapag nasa loob na sila ng studio, sina Ate Sheena Halili at kuya Rainier Castillo ang mommy at daddy niya. At kung meron man daw siyang hinahangaan sa mundo ng showbiz, ito ay sina Tito Dingdong Dantes at Tita Jolina Magdangal.

Kamakailan lamang, nag-guest si JM sa Nuts





ANG artista at taekwondo expert na si Monsour del Rosario habang tinuturuan ang bibong bata na si JM .

Entertainment at siya ay nakatakdang lumabas din sa isang teleserye ng GMA sa Setyembre. Siya ang gaganap na little Richard Gomez.

Si JM ay ganap nang isang artista ngunit wala pa rin daw nagbago sa kanya.

"Kapag lumalabas kami, maraming nakakakilala sa kanya. May iba pang pumupunta dito para lang makita siya. Minsan may pumunta na taga-Baguio. Nung minsang pumunta kami ng Puregold, nawala siya. Buti nakilala siya ng guard. Narinig ko lamang pangalan ko na ina-announce, nung nagkita kami, sabi niya Mommy nalungkot ako...akala ko di na tayo magkikita... nahilo ang mundo ko," kwento ni Mommy.

"Kahit naman ganyang sikat na siya, kagaya pa rin naman siya ng dati," dagdag pa niya.

Bago pa naging Starstruck finalist ang limang-taong batang artista, nanalo siya bilang Little Mr. Valenzuela 2003 at nakasali din siya sa That's My Boy ng nangungunang noontime show ng GMA na Eat Bulaga.

Pagkatapos ng aming pakikipanayam, hinatid kami ni JM sa labas ng gate. Napagtanto namin na sa kabila ng pagiging bibo nito, likas na may pagkamahiyain talaga si JM dahil nung kinukunan siya ng picture ng aking kasama 'eh tinatakpan ang mukha. (Hmmm, di kaya isang posing yun?)

Matagal-tagal din ang aming ginawang interview pero hindi pagod ang inabot namin kundi saya. Artistang bibo at pogi ba naman ang kakausapin mo. Sayang nga lang at nakalimutan naming magpa-autograph.

# PGMA BUMISITA SA SHABU WAREHOUSE

**BINISITA ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang isang bakanteng warehouse na pinaniniwalaang shabu laboratory sa may Tanguile at Yakal Streets, Villa Liwayway, Maysan, Valenzuela City kamakailan.**

Kasama ng Pangulo sa pagbisita sina Department of Interior and Local Government (DILG) Secretary General Angelo Reyes, Deputy Chief for Administration of the Philippine National Police General Edgar Aglipay, Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Executive Director General Anselmo S. Avenido, Jr., DILG Undersecretary for Peace and Order Marius P. Corpus, at Valenzuela City Vice Mayor Antonio R. Espiritu.

Ayon kay Arroyo, ipagpapatuloy niya ang kampanya laban sa iligal na droga sa barangay dahil naniniwala siyang ito ang pinakamabisang paraan para masawata ang pagkalat ng bawal na gamot sa bansa.

Ani Arroyo, hihingi siya ng tulong sa international agencies, lalo na sa United Nations para lalo pang mapasigla ang kampanya sa ipinagbabawal na gamot.

Sa kabilang dako, ipinag-utos ni Valenzuela Mayor Sherwin Gatchalian kay Chief of Police Supt. Billy Beltran na magsagawa ng masusing imbestigasyon sa kaso.

"Although the discovery is quite alarming, the city officials are on top of the situation. I gave orders to Supt. Beltran to conduct a thorough investigation of the case and to submit a report within 48 hours," ani Gatchalian.

Ayon kay Gatchalian, ang lokal na pulisya ng Valenzuela ay kasalukuyang nakikipagtulungan sa Anti-Illegal Drugs-Special Operations Task Force (AID-SOTF) upang matukoy kung ang nasabing warehouse ay talagang ginagamit sa paggawa ng iligal na droga at alamin ang pinagkukuhanan ng mga kemikal.

"We want to send out the message to all unscrupulous elements out there that they are not welcome in Valenzuela," sabi nito.

"We will not allow them in making this city as the center of their illegal operations," dagdag pa ng Mayor.

Ang pakakadiskubre ng nasabing warehouse ay bunga ng isang tawag sa Valenzuela City Fire Station mula sa isang concern citizen noong July 15.

Sa sumbong, ang naturang bedega ay nagbubuga ng puting usok at nagdadala ng mabahong amoy.

Nakuha sa warehouse, na inuupahan ng isang Jimmy Coo Huo, ang isang-daan at apatnapu't pitong drum (147) ng kemikal para sa paggawa ng shabu, anim (6) na sako na may tatak na sodium acetate, dalawang (2) high-capacity mechanical driers, tatlong (3) hydro-generators, dalawang (2) pressing machines, limang (5) motor pumps, siyam (9) na pakete ng filter papers, at isang (1) galon ng motor oil.

Kaugnay nito, kinilala ng Pamahalaang Panlungsod ng Valenzuela ang mga miyembro Bureau of Fire at PNP para sa matagumpay na operasyon.





**LABAN-DROGA, TULUY-TULOY**

Si Pangulong Gloria-Macapagal-Arroyo kasama sina Pangalawang Punong Lungsod Antonio Espiritu habang nakikinig sa ginagawang pag-uulat ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ukol sa mga natuklasang pinaniniwalaang laboratoryo ng shabu sa isang abandonadong imbakan sa may Kalye Tanguile, panulukan ng Yakal, Villa Liwayway sa Barangay Maysan nitong Hulyo 19. Makikita rin sa larawan ang maraming drums na pinaglalagyan ng iba't ibang kemikal at makinaryang pinananiwalang ginagamit sa paggawa ng shabu. Sa kasalukuyan ay hinahanapan na ng PDEA ng mapaglalagakan ang mga nasabing kemikal.

Sa isang simpleng parangal noong flag raising ceremony noong July 26, pinarangalan sina:

- C/Insp Efren L. Yadao - City Fire Marshal
- Insp. Marcelo P. Reginio - Chief, FSEU
- FO3 Excel M. Camadan - Driver/Security
- SFO3 Arnel H. Ibasco - Chief, Intelligence and Investigation Unit
- SFO3 Fidelito G. Miñebe - Deputy Chief
- SFO2 Edgardo C. Hingco - Team Leader
- FO2 Sonny S. Salvio - Investigator
- FO1 Nelson N. Baguinon - Investigator/Encoder
- SFO4 Maximo F. Cantillon - Chief, Operations Unit
- SFO2 Diosdado T. Tordecillas
- FO2 Melchor A. Gonzales
- SFO2 Federico Macaraeg - Officer-in-Charge
- SFO2 Renato R. Igancio - Driver-Pump Operator
- SFO1 Primo DG. Umayam - Crew Chief
- FO3 Ricardo W. Duardin - Crew
- FO1 Fernando ST. Gonzales - Chief, Emergency Medical Services
- FO3 Leopoldo A. Gonzales - Crew
- FO2 Marlon M. Sison - Crew
- PS/Supt. Jose P. Marcelo - Chief of Police
- PC/Insp. Neofito Y. Caday - Action Officer, SAID-SOU
- P/Insp. Muammar A. Mukaram - Team Leader
- PO3 Miguel M. Capangyarihan
- PO3 Louie N. Martinez
- PO2 Donaldo L. Britaña
- PO2 Ronald C. Sanchez
- PO1 Marife P. Malinao
- PO1 Gerry D. Pajares
- PC/Insp. Rio O. Gatacilo - Chief
- PS/Insp. Albert S. Arturo - Forensic Chemist
- PS/Insp. Carlos G. Mendez - Team Leader
- PO3 Melchor T. Prado - Fingerprint Technician
- PO2 Sonny Boy A. Tepasce - Driver
- PO1 Mervin B. Brinquez - Security

# BILANG NG NAHULING GALANG HAYOP TUMAAS






**UMABOT sa 229 na galang hayop ang nahuli ng Valenzuela City Pound (VCP) sa buwan ng Hulyo.**

Ang paghuli sa naturang mga galang hayop ay base sa Animal Control Program (ACP) ng Pamahalaang Panlungsod ng Valenzuela upang maprotektahan ang publiko sa rabies.

Batay sa report ng VCP, ang bilang ng mga nahuling hayop sa Hulyo ay limang-beses na mas mataas kumpara noong Hunyo.

"There is a large increase because the operation is in full blast," ani City Agriculture Officer Nestor F. Manzano .

Ayon kay Manzano , ang paghuli sa mga galang hayop ay araw-araw ng ginagawa sa buong lungsod at isinasabay na rin ang pagpaparehistro at pagbabakuna ng mga aso.

Sa bilang na 229, tatlumpu't-isang (31) aso ang nabawi ng mga may-ari at lima (5) ang pinaampon.

Ayon pa sa report, sa 32 barangays na bumubuo sa lungsod, nangunguna ang Barangay Punturin sa may pinakamaraming asong nahuli, sinundan ng Marulas at Parada.

Sa kabilang banda, ang mga barangay ng Bagbaguin, Bignay, Lawang Bato, Paso de Blas, Wawang Pulo, at Pariancillo Villa ay hindi naman nahulian ng hayop kagaya ng asong gala magmula nang pormal na nag-umpisa ang programa noong Marso ng taong ito.

Sa pangyayaring ito, malaki ang tiwala ng Pamahalaang Panlungsod ng Valenzuela na ang target na 300 na hayop kada buwan ay bababa sanhi ng ginagawang paghigpit sa implementasyon ng programa at patuloy na kumpanya hinggil dito.




ABALANG-ABALA ang mga tauhan ng City Agriculture Office sa panghuli ng mga asong gala bilang pagpapalakas sa Animal Control Program ng lungsod. Makikita rin sa kabilang larawan ang City Pound ng siyudad na matatagpuan sa Barangay Marulas.

# I-dev@VC ilulunsad

Sa pakikipagtulungan ng Philippine Sports Commission (PSC), ilulunsad ng Pamahalaang Panlungsod ang Valenzuela City Sports Development Program o Sports I-dev @VC alinsunod sa Sports Awareness and Physical Fitness Program ng huli.

Isang inisyatiba ni dating 1st District Representative, ngayon ay City Mayor Sherwin Gatchalian, ang Sports I-dev@VC ay naglalayong linangin ang kakayahan ng mga lokal na manlalaro ng Valenzuela upang maging mahusay na mga indibidwal at buhayin ang tunay na kakayahang taglay sa pagsasagawa ng physical fitness at isports.

Ito ay ginawa upang makatulong na humubog ng mga bagong henerasyong kabataang Pilipino na malulusog at matatalino upang harapin ang iba't-ibang hamon ng buhay.

Ang National Programs Secretariat ng PSC ay magsasagawa ng theoretical at practicum sessions mula Agosto 27 hanggang Setyembre 1 bilang una at pangalawang bahagi ng implementasyon ng programa.

Pitong (7) isports ang tatalakayin, kasama dito ang arnis, badminton, basketball, chess, duckpin, bowling, table tennis at volleyball.

Ang pagpili sa mga nasabing laro ay base sa popularidad at lakas ng laro sa Valenzuela.

Inaasahang lalahok sa aktibidad ang mga kinatawan mula sa mga opisyales ng barangay at mga miyembro nito, SK Federation officials, Physical Education Teachers, athletic clubs, government at mga pribadong indibidwal.

# VCHO conducts fun run for TB patients

Run for a cause!

Ang Valenzuela City Health Office (VCHO) ay magsasagawa ng fun run activity sa Agosto 19 upang palaganapin ang kaalaman ukol sa tuberculosis (TB) at makalikom ng pondo para sa mga batang may TB sa lungsod.

Magkakaroon ng tatlong (3) converging points; Bahayang Pag-asa sa Maysan, ENERTON Gasoline Station sa Malanday; at, Shell Station sa Marulas. Ang pagpaparehistro ay mag-uumpisa sa Agosto 18 mula alas-otso ng umaga hanggang alas-kuatro ng hapon sa Valenzuela Convention Center.

Para sa dagdag na kaalaman ng mga nais sumali, maaaring tumawag sa VCHO sa telephone number 292-0211 loc. 218.

# CSWDO ACTION CENTER: Nangunguna sa serbisyo publiko

NI: ARNEL B. BUHANGIN

KAMAKAILAN lamang ay inilipat ang tanggapan ng City Social Welfare and Development Office o CSWDO mula sa Dalandanan patungong City Hall. Ito ay upang mas epektibong matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente ng Valenzuela.

Sa ilalalim ng pamumuno ni Ms. Venus Gaoiran (dating hepe ng Office of Senior Citizens' Affairs), iba't-ibang serbisyo ang hatid ng CSWDO sa publiko upang paginhawahin kahit kaunti ang buhay ng ating mga kababayan. Kabilang dito ang tulong medikal, pinansiyal, ang pagpapalibing, at ang balik-probinsya program para sa mga mahihirap.

Kaugnay nito, may 9 na programa din na ipinapatupad ang tanggapan upang labanan ang kahirapan. May livelihood programs para sa mga maliliit na negosyo, may Community Welfare Program na ipinapatupad sa pakikipagtulungan sa CIDSS-KALAHI Program. May mga programa rin para sa kapakanan ng pamilya, mga kababaihan at mga kabataan. Ang programa para sa mga bata ay may mga sub-programs sa Day Care Services.

Sa kasalukuyan ay may limampung day care centers sa Valenzuela kung saan ipinapatupad ang mga supplemental feeding programs para sa mga bata. Sa youth sector naman ay may youth welfare program kung saan nakikipagtulungan ang CSWDO sa Department of Labor and Employment o DOLE. Maraming rehistrado at aktibong organisasyon ang mga youth leaders sa lungsod ang nakikipag-ugnayan din sa CSWDO.

Sa disabled at elderly sector naman, sinisikap ng tanggapan na makapag-tayo ng pederasyong mag-uugnay sa lahat ng mga organisasyon ng mga may kapansanan at mga nakatatanda upang magkaroon sila ng pagkaka-isa sa mga adhikain at layunin ng kanilang mga sector.

May emergency welfare program din ang CSWDO na naglalayong tumugon sa mga pangangailangan ng ating mga kababayang nasalanta ng di inaasahang krisis. Ang panghuli ay ang Bahay Kalinga na nagbibigay ng pansamantalang tuluyan sa mga biktima ng bagyo o baha, sunog at mga naapektuhan ng demolisyon.

Sa kasalukuyan, mula nang umupo si Mayor Sherwin Gatchalian bilang Punong Lungsod ng Valenzuela, daan-daan nang mga maralita ng lungsod ang natulungan ng CSWDO, lalung-lalo na sa mga medikal na pangangailangan, kasama ang panganganak, simpleng operasyon, at pagbibigay ng libreng gamot.

# Buwan ng Nutrisyon at Populasyon ipinagdiwang sa Valenzuela

**TATLONG barangay sa Valenzuela ang pinili ng City Health Office para sa "Share N Win" Healthy Preggy Mother contest bilang paggunita ng World Population Day.**



IPINALIWANAG ni Mrs Edna Cabrera, isa sa mga nanalo sa "Share N Win, Healthy Preggy Mother Contest"ang kanyang mga nakalipas na karanasan sa pagpapamilya.

Bumisita ang Health Education and Promotion Officers (HEPO) sa mga health center ng General T. De Leon I, Malanday, at Marulas Puericulture Center upang personal na bisitahin ang mga buntis sa naturang lugar.

Isang on-the-spot na pagpili ng tatlong (3) kliyente kada center ang isinagawa sa mga buntis na ina na may gulang na 20 hanggang 35, nasa pangalawang trimester ng pagbubuntis, regular na pre-natal check-up at nakatanggap ng dalawa (2) o higit pang tetanus toxoid immunization.

Ang mga napili ay inatasang magbigay ng mga testimonya kung paano nila hinarap ang mga nauna nilang pagbubuntis. Ang ina na nakapagbigay ng pinakamagandang testimonya ang nanalo.

Ang mga nanalo ay sina Edna Cabrera ng Gen. T. De Leon I, Fe Laporte ng Malanday at Verlita Urrutia ng Marulas Puericulture Center habang ang mga ibang lumahok ay sina Dominga Arguel, Lilibeth Morales, Jennie Arena, Leonora Bacunawa, Rosenda Costales at Editha Paderes. Sila ay binigyan ng mga certificates ni Vice Mayor Tony Espiritu noong Hulyo 14.

Layunin ng kumpetisyon na inisponsoran ng Nestle Philippines Incorporated, na mahikayat ang mga buntis na ina na laging magpakunsulta upang masiguro ang ligtas na pagbubuntis.

Kaugnay nito, bilang pagdiriwang ng National Nutrition Month, isang on-the-spot poster making contest din ang ginawa na inisponsoran ng Rotary Club of Valenzuela West noong Hulyo 16 sa City Convention Center. Ito ay sinalihan ng 21 estudyante mula sa elementarya at high school kung saan nagwagi ang Maysan High School at Karuhatan West Elementary School.

Bukod pa rito, inisponsoran din ng organisasyon ang isang Nutri-Quiz na sinalihan ng mga junior at senior na mag-aaral mula sa pampublikong high school.

Nagkaroon din ng pagpili ng Little Ms. Nutrition 2004 na inisponsoran ng Nestle Philippines. Ito ay sinalihan ng 16 na bata mula sa barangays Bisig, Tagalag, Polo, Coloong, Maysan, Karuhatan, Palasan, Mapulang Lupa, Gen. T. De Leon, Malanday, Rincon, Marulas, Veinte Reales, Lingunan, Paso de Blas at Malinta kung saan ang Barangay Bisig ang nagwagi.

Isang Bread Feeding din ang ginanap sa Barangay Karuhatan, na kinalahukan ng 25 ina na may mga anak na tinamaan ng malnutrisyon. Ito ay inisponsoran ng Julie's bakery sa pakikipagtulungan ng Karuhatan Health Center.

# SERBISYO PUBLIKO

## I. Valenzuela City Emergency Hospital (294-51-37)

8:00 ng umaga - 5:00 ng hapon

| | | |
|---|---|---|
| Lunes | - | Diabetic Clinic |
| | - | Pediatric |
| | - | Dental |
| Martes | - | General Medicine |
| | - | OB- Gyne |
| | - | Dental |
| Miyerkules | - | Pediatric |
| | - | General Surgery |
| | - | Dental |
| Huwebes | - | General Medicine |
| | - | OB-Gyne |
| | - | Dental |
| Biyernes | - | Pediatric |
| | - | Asthma |
| | - | Pediatric |
| | - | Dental |
| Lunes - Biyernes | - | Dental |

Laboratoryo ay bukas kada alas 6:00 n.u - 10:00 n.g. mula Lunes - Sabado at 8:00 n.u. - 4:00 n.h. tuwing Linggo.

Blood Chemistry ay tuwing 7:00 n.u. - 9:00 n.u. nang Lunes -Miyerkules.

ECG ay tuwing 1:00 n.h. - 3:00 n.h. ng Martes at Biyernes

Papsmear ay tuwing 1:00 n.h. - 4 :00 n.h. ng Martes at Huwebes

** Walang bayad ang mga laboratory referrals mula sa mga doktor ng mga health centers na nakapaligid sa ospital gaya ng CBC, urinalysis, stool exam at platelet count.

**Kinikilala ng PhilHealth.

## II. Public Employment Service Office

*Job Openings:*

1. Service Crew - M or F, 5'5" in height, 22-25 y/o, at least 2nd year college or graduate student - preferably HRM Management course, must be familiar with food service operation, particularly in the full service or fast food service set-up, and have worked in a full service restaurant set-up and a crew in a fast food restaurant for at least 2 years
2. Drivers - M, 5'4", not more than 35 y/o with professional driver's license, at least college level
3. Office Clerk - graduate of any four-year course, computer literate (25WPM), willing to work on shifting schedule, good working attitude
4. Auto- Mechanic - M, graduate of any related vocational course, male, at least 5'4", not more than 35 y/o, at least 1 year experience, with professional driver's license, at least college level.
5. Welder - graduate of any related vocational course, male, at least 5'5", not more than 35 y/o, at least 1 year experience and college level
6. Audit Checker - M, 21-30 y/o, Accounting graduate, with related experience, fresh graduates with above average scholastic ratings are also welcome to apply, computer literate
7. Electronics Technician - M, 23-30 y/o, vocational graduate, at least 2 years related experience in a manufacturing environment.

### FOR SM MARILAO

8. Center Manager - F, at least 28 y/o, graduate of any medical or business course with 2-3 years experience in sales and in local store management
9. Sales Supervisors - F, at least 25 y/o, graduate of any medical or business course with 1-2 years experience in the same capacity
10. Consultants - F, 23-29 y/o, graduate of any medical or marketing course with experience in sales and customer service is preferred
11. Therapists/Clinic Staff - F, 19-29 y/o, high school graduate, college level or college graduate of any course, willing to undergo extensive hands-on training.

***(All applicants are advised to visit the Public Employment Service Office).***

# FEATURES

### Happy Birthday Dr. Pio!

Valenzuenos commemorate the 135th birth anniversary of their hero, Dr. Pio Valenzuela.

The celebration commenced with a fellowship night attended by the City employees and officials headed by Mayor Sherwin T. Gatchalian and was capped, a week after, with a simple wreath-laying ceremony at the city hall grounds, where Dr. Pio's statue stands.

***

### Dr. Pio in a nutshell

Born on July 11, 1869, Dr. Pio is known for his heroism in Philippine History as one of the triumvirate who led the Katipunan. He founded the organ of the organization dubbed as Kalayaan with Emilio Jacinto. Dr. Pio was the first President (Mayor) of the Municipality of Polo during the American rule but resigned two years after to devote his time as a physician. In 1919, he became Governor of Bulacan until 1925.

The Bulacan Medical Society awarded him a plaque in commemoration of his 50 years of medical practice. In 1952, he was conferred a golden jubilee award by the Manila Medical Society. He died in 1956 at the age of 87, but his life continues to inspire present and aspiring leaders of Valenzuela.

***

### Call for development

Mayor Gatchalian has called on Valenzuenos during the celebration to honor its hero by working together towards meaningful, sustainable, and above all, equitable development for the City.

The youthful mayor encouraged his constituency to help him achieve concrete results that can be felt by all people in the city, of a clean and healthy environment that ensures healthy and productive citizens, safe, peaceful and orderly communities, and zero graft and corruption. Gatchalian considers these as imperatives to genuine development and shared responsibilities between the government and every Valenzueno.

Attending the celebration were Dr. Pio's grandsons: Messrs. Felix Pito and Jay Valenzuela. Highlighting the event was the presentation of the 49 scholars of the Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program.

# Barangay mo...hanapin mo!



| | | | |
|---|---|---|---|
| ARKONG BATO | GEN. T. DE LEON | MAPULANG LUPA | POBLACION |
| BAGBAGUIN | ISLA | MARULAS | POLO |
| BALANGKAS | KARUHATAN | MAYSAN | PUNTURIN |
| BIGNAY | LAWANG BATO | PALASAN | RINCON |
| BISIG | LINGUNAN | PARADA | TAGALAG |
| CANUMAY | MABOLO | PARIANCILLO VILLA | UGONG |
| COLOONG | MALANDAY | PASO DE BLAS | VIENTE REALES |
| DALANDANAN | MALINTA | PASOLO | WAWANG PULO |

# Ang ayos ng iyong buwan at bituin

NI MADAM Y. CHAMBA

**ARIES (Marso 21-Abril 20)**

Ginagawa mo ang lahat para makapamasyal kahit sa maikli lang ang panahon. Maraming magagandang bagay na mangyayari sa iyo kapag ito ay natuloy. Ituring mo lamang na magandang karanasan na magpapabuti sa iyo ang lahat ng hamong dala ng kasalukuyang mong kalagayan sa tahanan na nagiliwala sa iyo para maisakatuparan ang mga plano mo.

***

**TAURUS (Abril 21-Mayo 21)**

Bahay at pagsasaayos ng kapaligiran ay kasama sa iyong mga plano ngayong buwan. Maaaring magtulak ito ng pagpapalit ng tirahan para sa mas magandang kapaligiran. Marami kang mga pribadong alalahanin ukol dito pero mukha namang pinag-iisipan mo na itong mabuti. Hindi inaasahang magandang resulta ang dulot ng ilang pagbabago sa iyong trabaho. Maging pasensyoso sa pakikitungo sa kasama sa pananalapi, at matuto ka sa mga taong nakapaligid sa iyo.

***

**GEMINI (Mayo 22-Hunyo 21)**

Makararating sa iyo ang mga balita ukol sa kaibigan at kakilala. May kaunting tensyon na maaaring idulot ito sa iyo dala ng magkakaibang opinyon na maaaring lumitaw. Swerte kapwa sa iyo at iyong kapareha ang mga alalahaning nakaugnay sa iyong kaibigan. Katangi-tangi at kahanga-hanga ang magiging dating mo sa madla bunsod ng ginagawing mong pagpapagandang pisikal.

***

**CANCER (Hunyo 22-Hulyo 23)**

Kapetahan ang nilisip mo ngayon at mukhang mapupuno ka ng swerte. Huwag nang mag-alala sa trabaho dahil maraming naaayong mga pangyayaring nakapaligid dito na okey para sa 'yo. Win ka rito dahil marami kang matututunang bagay na kapakipakinabang sa karanasang ito. Pwede ring panandaliang mamasyal sa malayong pook dahil maraming bagay na okey para sa iyo lalo na sa bahagi ng iyong hanapbuhay. Malaks na turing sa sarili at kakuntentuhan ang bigay sa iyo ng mga pangyayaring ito na [illegible].

***

**LEO (Hulyo 24-Agosto 22)**

Humanda ka't napakiring na ngayon sa iyong katawan ang maraming magagandang pagkakataong makikilala sa mga gusto mong gawin ukol sa mga love affairs at bagay-bagay na may kinalaman sa iyong mga mahal sa buhay. Binibigyan mo ng katwiran ang lahat ng ukol sa iyong hinaharap ng nasa mabuting paraan. May kaunting tensyong idudulot ang ilang bahagi nito sa iyo. Positibong sa kakaibang paraan ay may makilala ka, pero nag-aalala ka sa nagdaan mong mga relasyon. Pilitng ulitin ang dating uri ng relasyon na naputol na ay magdudulot ng resulta na gaya rin ng dati.

***

**VIRGO (Agosto 23-Setyembre 23)**

Alalahanin ukol sa kita at iba pang yaman ang dating ng iyong kapalaran. Okey naman ang kooperasyon ng mga kasambahay na makatutulong sa ilang hindi maipaliwanag na tensyon mo ukol dito. Isang may malawak na karanasang tao ang maaari mong katulungin para mas madagdagan iyong yaman. Maaaring may konting tensyon rito pero malaki ang magiging tulong nito sa 'yo.

***

**LIBRA (Setyembre 24-Oktubre 23)**

Kaibigan at kakilala mo ang nasa sentro ng iyong buwan. Marami sa kanila ay nagpapanggap lamang at ang tunay na kulay ay makikita lamang kung titingnan mo ng mas malalim. Masidhi ang pagnanais mo na malayong makapaglakbay at mabuting pagkakataon ito para sa iyong hinaharap. May konting tensyong idudulot ito pero huwag mong hayaang pumigil ito sa mga plano mo.

***

**SCORPIO (Oktubre 24-Nobyembre 22)**

Masigasig ngayong buwan ito ang iyong career. Bubusisiin mo ang iyong mga nagdaang karanasan na may kinalaman sa iyong layunin sa buhay at sa mga bagong pamamaraan na ginagamit mo para sa iyong kinabukasan. Swerte ang makikita mo sa iyong kapaligiran at nakakatulong ito para maabot mo ang inaasam mong tagumpay. May tensyon habang ginagawa mo ang mga pagbubusising ito pero makikita mo ang pakikisa ng iyong mga kasambahay at makatutulong sa iyong mga ibinahaging yaman sa napabuting paraan. Hinahamon nang marami sa iyong pinahahalagahan ang pinaniniwalaan mong dapat na gawin.

***

**SAGITTARIUS (Nobyembre 23-Disyembre 21)**

Malayong paglalakbay ang maaaring isa sa magiging agenda mo ngayong mga panahong ito. Gusto mong maiba naman kaya ubos lakas ang ibibigay mo para magawa mo ang mga ito. May ilang sagabal kang makakaharap sa pagkuha nito na mangangailangan ng iyong pag-ayon. Panahon ito ng ilang limitasyon sa labas at ibinahagi mong yaman na iyong ikauunlad dahil magdudulot ito ng matinding tensyon sa iyo sa tuwing makikipag-usap ka ukol dito. Isipin mo ang lahat ng lamang mga bagay na ginawa mo noong nakaraan at malalaman mo ng matagumpay.

***

**CAPRICORN (Disyembre 22-Enero 20)**

Kailangan kang mag-adjust sa pinagkukunan mo ng iyong mga yaman. Kailangan mong tingnan kung papaano mo ito hinawakan noon at kung papaano mo ito hinahawakan ngayon at hahawakan sa hinaharap. Mauunawaan mo ito at malalaman mo ang dapat gawin. Ang pagsasarili na ipinakita mo sa nakaraan ang tamang daan na gawin.

Mas nakikita mo ang mga dapat mong gawin na mapapakinabangan mo. Isang mas nakatatandang indibidwal ang maaaring magset ng limitasyon sa iyo at sabihin sa iyo ang mga dapat mong gawin sa personal mong mga kita. Medyo matetensyon ka rito pero ito ay makabubuti sa iyo.

***

**AQUARIUS (Enero 21-Pebrero 19)**

Bahagi ng kasal at pagsasamahan ang nasa unahan ng iyong buwan. Maraming gawain na konektado sa ilang mga positibong pagbabago na naranasan mo na sa iyong mga relasyon.

Bukas kang nakikipag-usap ukol sa mga maraming swerteng pangyayari para sa mga panghinaharap na mga gawain ninyong pareho. Para sa isang hindi gaanong nakikihalubilong taong katulad mo, maaaring sobra ang ipinakikita mong emosyon at pag-ibig patungkol sa mahal mo sa buhay.

May ilang pangamba kang konektado sa mga pagbabagong ito pero hindi ito kailangan dahil mukhang positibo naman ang lahat ng ito sa iyo. Ilang hamon ang maaaring dumating sa iyo na may kinalaman sa iyong trabaho na medyo makakagising sa iyo, pero matututo ka sa lahat ng ito.

***

**PISCES (Pebrero 20-Marso 20)**

Sangkatutak na trabaho ang gagawin mo ngayon. Magagamit mo ang lakas-lakas mong lakas na susuklian naman ng pakikisama ng iyong mga katrabaho. May ilang sagabal kang naranasan sa nakaraan na siya mong ginagamit para malampasan mo naman ang mga hamon ng kasalukuyang trabaho.

May mga pagsubok kang pagbabago na ginagawa para maiayos ang iyong nakaraang [illegible] kasama rito ay ang paghawak mo sa iyong pera.

# VALENZUELA MAS LUMINIS SA PANAHON NI WIN

NI JESSEBEL LACBAWAN

**INIULAT ng Valenzuela Waste Management Office (WMO) ang pagtaas ng garbage collection efficiency ng 60 porsiyento pagkatapos maipatupad ng Pamahalaang Panlungsod ang bagong iskedyul ng paghakot ng basura noong August 2, 2004.**

Ayon kay WMO Chief Benjie Trinidad, ang pagtaas ng kanilang efficiency sa pagkolekta ng basura ay sanhi ng pinag-ibayong pagsusumikap ng kanyang tanggapan kaugnay sa pagpapatupad ng bagong iskedyul.

"The reason for the increase in efficiency is we are on duty 24 hours a day and garbage is collected twice a week," ani Trinidad.

Ipinapatupad din ng WMO ang pangungulekta ng basura tuwing gabi sa mga pangunahing daan at palengke.

Idinagdag niya na ang re-mapping scheme na ipinatutupad ng WMO ay kanilang isinagawa upang makolekta ng maayos ang mga basura sa mga pangunahing daan at lansangan. Puspusan din ang information campaigns na isinasagawa ng naturang tanggapan na isa rin sa mga dahilan kung bakit unti-unting lumilinis ang lungsod .

Ganoon pa man, sinabi ni Trinidad na ang disiplina pa rin ng publiko ang pumipigil sa mas maayos na paghahakot ng basura.

"May mga iba pa rin na di sumusunod. Pag dumating yung trak at bumubusina, hindi pa nila nilalabas ang kanilang mga basura. Kapag nakaalis na saka nila inilalabas at hinahabol yung trak," ani Trinidad.

Noong naupo si Trinidad bilang pinuno ng WMO, ang opisina ay mayroon lamang 11 dump trucks, ngunit anim (6) lamang dito ang umaandar.

Nagsagawa ang WMO ng puspusang pag-aayos ng lahat ng mga trak at mini-dump trucks sa motorpool, hanggang makabuo sila ng 29 na umaandar na dump trucks na kasalukuyang ginagamit nila. Inabot sila ng isang buwan sa pagkukumpuni ng mga trak.

Ipinag-utos din ni City Mayor Sherwin Gatchalian ang paglilinis sa dumpsite sa Lingunan.

"When we first came here, garbage spilled out in all areas," ani Mayor.

Ipinag-utos din ni Trinidad sa mga nangungulekta ng basura na magtanim ng mga gulay sa bungad ng dumpsite.

"We planted okra, eggplant, patola and string beans. The street sweepers and the garbage collectors take care of the garden. Later on, they will divide the vegetables among themselves. It is also a form of assistance to our people," ani Trinidad.

Samantala, kasalukuyang kinukumpuni ng WMO ang iba pang trak na nasa Valenzuela City Motorpool upang madagdagan ang 29 trucks na kasalukyang ginagamit ng opisina sa pangungulekta ng basura.

Dagdag pa rito, kasama sa plano ni City Mayor Sherwin Gatchalian na magdagdag pa ng 20 garbage trucks upang mapagibayo pa ang garbage collection efficiency sa lungsod.



**LINIS-KANAL, KONTRA-BAHA**

Nililinis ng mga kasapi ng Brigada ang mga kanal sa kalunsuran bilang bahagi ng Flood Control Program. Tuluy-tuloy na tinatanggalan ng bara ang mga kanal ng Lingunan at Malinta para sa mas mabilis na pagbaba at pagdaloy ng tubig ngayong tag-ulan.




WINeed your adVICE.
txt us!
GLOBE (0917) 390-8873
SMART (0921) 562-4700
para sa inyong mga reklamo, rekomendasyon o suhestiyon.